

**Ministry of Education**


Minister

315 Front Street West  
Toronto ON M7A 0B8

**Ministère de l'Éducation**

Ministre

315, rue Front Ouest  
Toronto ON M7A 0B8



Ontario

Sulat ng Ministro sa Mga Magulang: Programa ng Benepisyo ng Bata kaugnay sa COVID-19

Abril 26, 2021

Mahal naming mga magulang sa Ontario,

Walang dudang nagpakita ng pambihirang tapang at determinasyon ang mga taga-Ontario sa pandemyang ito. Naging mahirap na panahon ito na puno ng mga hindi inaasahang hamon at mga pinansyal na paghihirap. Kaya, sa simula pa lang ng pandemya, kumilos na ang ating gobyerno upang bigyan ng direktang tulong pinansyal ang mga pamilya sa Ontario.

Natutuwa akong ipaalala sa inyo na daragdagan namin ngayon ang suportang iyon sa pamamagitan ng pagdoble sa mga susunod na round ng pagbabayad sa mga magulang sa pamamagitan ng [Ontario COVID-19 Child Benefit](#). Sa bagong round ng pagpopondong ito, makakatanggap ang mga magulang ng \$400 para sa bawat anak na may edad na 0 hanggang Grade 12 at \$500 para sa mga bata at kabataan na may edad na 21 taong gulang o mas bata pa na may mga espesyal na pangangailangan. Dodoblehin nito ang mga pagbabayad sa huling round sa ilalim ng nakaraang Support for Learners na programa.

Ang mga magulang na nakatanggap ng mga pagbabayad mula sa Support for Learners ay awtomatikong makakatanggap ng bagong benepisyo simula sa Abril 26, 2021. Ang mga magulang na hindi nag-apply sa o nakatanggap ng Support for Learners na programa ay maaaring mag-apply para sa bagong pagpopondo simula sa Mayo 3 hanggang Mayo 17. Magkakaroon ng higit pang detalye kung paano mag-apply sa bagong round na ito sa mga darating na linggo sa bagong web page ng [Ontario COVID-19 Child Benefit](#).

Ang investment na ito ay bahagi ng [2021 Ontario Budget](#), na nakatuon sa [pagprotekta sa kalusugan ng mga tao at sa ating ekonomiya](#). Nananatiling committed ang gobyerno ng Ontario sa commitment nito na gawin ang lahat ng magagawa nito para labanan ang COVID-19, tinitiyak ang kaligtasan ng ating mga mag-aaral at kawani, at gumawa ng basehan para sa matibay na panunumbalik ng ekonomiya.

Nakaapekto ang COVID-19 sa bawat aspeto ng ating lipunan, pero batid namin na mas lalong mahirap ang pandemya sa mga magulang na may mga anak na nag-aaral. Kaya sa buong pandemyang ito, mabilis na namahagi ng pera ang ating gobyerno sa mga magulang, dahil alam nilang nangangailangan ang mga pamilya at nararapat silang makatanggap ng tulong ngayon – at mga magulang ang pinaka-nakakaalam ng mga pangangailangan ng kanilang pamilya.

Nagbibigay ng pag-asa ang pagdating ng mga bakuna.

Taos-puso,

Ang Kagalang-galang na si Stephen Lecce  
Ministro ng Edukasyon